11st Story

# Ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng pananampalataya lamang!



**Narration** Isang araw, pagkatapos ng kanilang maiksing paglalakbay, sina Pablo at Bernabe ay bumalik sa simbahan sa Antioquia.


**Barnabas** Nakabalik na tayo!!

**Narration** Ngunit nang panahong iyon, ilang taong mula sa Judea ang dumating at may ibang tinuturo sa  mga miyembro ng simbahan sa Antioquia.



**Member 1** Ano?  Kailangan naming magpatuli, para kami ay maligtas?

**Member 2** Walang sinabi sa aming ganyan si Apostol Pablo at Bernabe.  Malinaw na sinabi nila sa amin na ang kaligtasan ay makukuha lamang sa pamamagitan pananampalataya.



**False teacher** Ha!Ha!Ha! hindi mo naiiintidihan! Walang maliligtas maliban na lamang kung sila ay tuli, ayon ito sa batas ni Moses! Walang alam si Pablo!! kayong lahatttttt, magpatuli kayo, ngayon nahhh!!!

**Members** Ha?  Ano ang ibig sabihin nito? Kailangan ba talaga kaming magpatuli? (boses na parang nakikipag-away)

**Narration** Ang mga miyembro ng Simbahan sa Antioquia ay labis na nalito. Nang marinig nina Pablo at Bernabe ang balita tungkol sa pagtutuli, sila ay galit na galit.

**Paul** Haaaahh!!! nagagalit ako…..




**Narration** Kaya,  agad nilang pinuntahan ang mga huwad na guro, na gumulo sa mga miyembro ng simbahan sa Antioquia. At pinagsabihan nila ang mga ito.

**Paul** Kayo! Nagsasalita kayo ng walang kabuluhan!  Talaga bang iniisip ninyo na tayo ay tinanggap ng Diyos dahil tayo ay nagpatuli? Pinatawad na tayo ng Diyos at tinanggap tayo sa pamamagitan ni Jesucristo.

**False teacher** Hindi!  Walang kahit isang salita na sinabi ang Diyos na mali o binago, Kaya! Kung sino man ang magpapatuli siya lang ang tatanggapin ng Diyos.



**Paul** Hindi totoo yan!  Ang kailangan lang nating gawin ay manampalataya sa maawaing Diyos, wala nang iba.  Ang kaligtasan ay ibinigay sa atin ni Hesus bilang isang regalo nang siya ay namatay sa krus. Kaya ngayon tayo ay naligtas sa pamamagitan lamang ng paniniwala kay Hesus, na sinugo ng Diyos.



**Narration** Sina Pablo at Bernabe, ay nakipagtalo sa mga huwad na guro. At ang debateng iyon ay hindi madaling natapos….(tunog ng pakikipaglaban)

**Paul** Huwag kayong magpatuli…..

**False teacher** Binabalewala mo ang pagtutuli!!!! Hindi!!!! magpatuli kayo!!!

**Paul** Hindi! Hindi maari. (tunog ng pakikipaglaban)




**Narration** Ang mga miyembro ng simbahan sa Antioquia ay nagpasyang sumangguni sa mga apostol sa Jerusalem upang tanungin sila ng direkta at upang maayos ang problemang ito.

**Paul** Halika, pumunta tayo sa Jerusalem at doon natin pag-usapan ito!



**False teacher** Sige! Pumunta tayo sa Jerusalem.

**Barnabas** Mga Apostol, totoo ba na sinabi ninyo sa mga tao na kailangan nilang tuliin para sila ay tanggapin ng Diyos? Ang ilan sa mga miyembro ng simbahan ay nalilitu tungkol dito.



**False teacher** Kailangan nating sundin ang batas ni Moses upang tayo ay maging mga inapo ni Abraham! Kailangan nating magpatuli!!!

**Narration** Ang usaping ito ay matagal na pinag-talunan sa simbahan sa Jerusalem.(tunog ng debate)

**Narration** Nang matapos na ang pagtatalo, Tumayo si Pedro at kinausap sila.



**Peter** Naalala niyo ba noong nakaraan na ang sambahayan ni Cornelio ay pinahintulutan ng Diyos na makapakinig ng Magandang Balita at ipinagkaloob din sa kanila ang Banal na Espiritu. Nakita ng Diyos ang pananampalataya ni Cornelio kaya ibinigay sa kanya ang Banal na Espiritu, kahit siya ay hindi tuli. Tulad nito: Tayo ay naligtas dahil sa ating pananampalataya sa Panginoong Jesus, at hindi dahil sa pagtutuli.

**James** Mga kapatid, mayroon din akong gustong sabihin sa inyo. Ayon sa salita ng Diyos, sa palagay ko ang pagtutuli ay hindi kailangan para sa mga Hentil na nais magbalik -loob sa Diyos. Kaya! Umaasa ako na huwag na ninyong ipilit pa na sila ay tuliin.



**Narration** Sa ganitong paraan, napagpasyahan ng lahat na hindi tama ang sinasabi ng ilan na maliligtas ka kapag ikaw ay natuli. Ang simbahan sa Jerusalem ay gumawa ng lihan para sa simbahan sa Antioquia na nagsasabing hindi kailangang magpatuli. Si Bernabe at Pablo ay ligtas na nakarating sa Antioquia dala ang sulat. Ang mga miyembro ng simbahan ay lubos na natuwa at naging masigla matapos marinig ang nilalaman ng sulat. At ang simbahan sa Antioquia ay napuno ng kagalakan.